# Magasin ng Bagong Buhay

LINGGO, ENERO 21, 1951



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JAN 28 1951






JOSE PADILLA ★ ARSENIA FRANCISCO
ENRICO PIMENTEL
"SA ORAS NG KASAL"
PINAMAHALAAN ni EDUARDO de CASTRO
LIFE • SIMULA NGAYON

# Masarap na Pagkain... Kasiyahan ng Mag-anak!

**"Ako'y nagagalak ng lubos sapagka't naiibigan ng aking mag-anak ang mga lutuin ko!" ani Gng. Tenorio. "Ang pagluluto sa Purico ay totoong maginhawa!"**

**Opo, sa pagluluto ay makatitipid . . . at ang pagkain ay magkakamit ng pambihirang lasa at linamnam kung ang gagamitin lagi ay . . . Purico. Ito'y pino, masagana — tanging mantikang maaasahan sa lahat ng pagluluto!**





*Ang mag-anak ni G. Jose R. Tenorio — Quezon City*

## REPOLYO AT ITLOG

PTC Recipe # 170

| | |
|---|---|
| 1 ulong repolyo | 2 malalaking kamatis |
| 6 itlog | asin at paminta |
| 6 kutsarang Purico | 6 sibuyas bombay |

Alisin ang unang dahon ng repolyo na sakaling marumi. Pagkatapos ay pag-apatin; alisin ang ubod na matigas; hugasan ng mainam, ihulog sa kumukulong tubig; hayaang kinukuluan hanggang lumambot. Hanguin at hiwa-hiwain ng maliliit. Gayon din ang kamatis at ang sibuyas.

Batihin ang itlog. Tunawin ang Purico sa kawale at kung mainit na ay ihulog ang repolyo, at bahagyang tubig na mainit upang ang pinaghalo ay manatiling basa-basa. Hayaang ganito ng 10 minuto, nguni't hahaluin lagi. Idagdag ang asin, paminta at itlog. Haluin muli at idulot.


| | | |
|---|---|---|
| Maidudulot sa | : | 5-6 na tao |
| Panahon ng paghahanda | : | 25 minuto |
| Tinatayang gugol | : | ₱1.70 |

Galing kay Carmelita Padua
21 Garcia St., Caridad,
Cavite City


**Wika ni Purita: "Maghanda lagi ng isang karton sa kusina. Ito'y kailangan sa pagpiprito, paggigisa, at paghuhurno."**



*Ipadala ang inyong lutuin kay Purita, c/o Dept. 5—P-170, P. O. Box 302, Maynila. Sa nalalathalang lutuin ay pagkakalooban kayo ni Purita ng isang handog. Sa takip ng karton ng Purico ay maaari kayong magkaroon ng nalathala nang lutuin.*




## "Ang Itim Ay Puti, Ang Gabi Ay Araw . . ."



Ang larawang-guhit na itong lumabas kamakailan sa "The Washington Post," isang pahayagan sa Washington D. C., Estados Unidos, ay naglalarawan ng malalaking "loudspeaker" sa itaas ng Kremlin na nagsasabog ng mga mali at mapanlinlang na propaganda sa mga tao sa daigdig.

## "Napakatigas" Sa Isang Lilimahing-Taong-Gulang





Nalathala kamakailan sa pahayagang "The Tampa Tribune" Tampa, Florida, Estados Unidos




GANAP NA KASIYAHAN!

Bibihirang matamo ang ganyang maginhawa at ligtas na pakiramdam kung hindi suot ang angkop na sapatos na goma. Ang mag sapatos na gomang JACINTO ay isinusuot araw-araw ng mga tao sa lahat ng uri ng lipunan, maging bata at matanda, na pawang pinagkakapuri ang katotohanang nagsusuot sila ng pinakamabuting sapatos na gomang matutugunan ng kanilang kinikita. Kayo man ay makababahagi ng ganyang kasiyahan; sa pagdaranas ng malaya at magaang pakiramdam na tila kayo "lumalakad sa alapaap."

*SA LAHAT NG MGA PANGUNAHING TINDAHAN NG SAPATOS AT BAZAR*



**Jacinto RUBBER & PLASTICS CO., INC.**

5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal
Tel. 2-67-67

# Pamilihan Sa Sikat Ng Araw...

**(Mga larawang kuha ni A. Z. Santiago)**








**Ang hanay ng mga nagtitinda ng lubid, pisi at sinulid na nasa may bukana ng pamilihan sa tabing dagat sa Dansalan. Maipagmamalaki ang mga lubid na yari sa kamorohan dahil sa kakinisan at katibayan. Bukod sa mga itinitinda sa pamilihan, libu-libong ikid ng lubid ang iniluluwas araw-araw sa iba't ibang panig ng kapuluan.**

ANG DANSALAN, LANAW, isang bayang masagana at mayaman sa mga biyaya ng kalikasan, ay kabilang sa iilang bayan sa kapuluan na walang masasabing sariling bahay-pamilihan. Ang bagay na ito'y nakatawag ng pansin ng Kalihim Ramon Magsaysay ng Tanggulan [illegible] ng ilang pinuno ng pamahaláán ná nagtungo kamakailan sa Mi[illegible] upang tanggapin ang pagsuko ng kilabot na tulisang morong si Datu Tawantawan.

Gaya ng makikita sa aming pabalat, ang pamilihan sa Dansalan ay matatagpuán sa tabing dagat, wala man lamang silungan o anumang pananggol sa init ng sikat ng araw. Gayunman, ang pamilihang ito'y lubhang malakas at pinagdarayo ng mga mamimili buhat sa iba't ibang dako. Nangunguna sa mga pangunahing panindang matatagpuan dito ang mga gulay, iba't ibang uri ng patalim at sarisaring isda. Isang uri ng bungangkáhoy ang maipagmamalaki ng Lanaw: ang **durian.** Ito'y napakasarap at nagtataglay ng mahalagang sustansiyang higit pa sa ating abukado. May isang bagay na hindi matatagpuan sa pamilihan sa Lanaw: ang karne ng baboy. Ang mga taga-Lanaw ay hindi kumakain ng naturang karne pagka't "masama" ayon sa kanilang matandang paniniwala.

**(Tingnan ang p. 6)**



**Bukod sa mga gulok, kampit, at sundang, iba't ibang sandatang patalim na kinabibilangan ng kris at kampilan ang mabibili sa pamilihan sa Dansalan. Ang mga nagtitindang morong makikita sa larawan ay kumikita nang puu-puung piso sa kanilang hanapbuhay na iyan. Isang bagay ang mapapansin sa pamilihan: bagama't walang nangangasiwa sa pag-aayos ng mga paninda, ang mga maninda ay kusang lumalagay sa mga puwesto o hanay na dapat nilang kalagyan, sa [illegible] ng kanya-kanyang hanay ang mga panindang [illegible] at iba pang [illegible].**



Mapapanuod si Ana Cristina sa pelikulang "Tatlong Bagwis," ng Cor Qui Productions.

Jewels by R. Rebullida, Inc.
Gown by Tres Chic.

# Kutis na pambihira!




**ANANG KAHALI-HALINANG SI ANA CRISTINA:**

## *"Lagi akong gumagamit ng Camay"*

"Ang mapamihag na halimuyak ng Camay ay aking kinagigiliwan... at ang marangya, nakapagpapatingkad ng kagandahang bula ng Camay ay nagdudulot sa aking kutis ng anyong mapanghalina na mabuti sa malapitang pagkuha ng kamera. Iyan ang dahilan kung bakit Camay ang aking kinagigiliwang tagapangalaga sa kagandahan."

SA INYONG UNANG PASTILYA NG CAMAY — ang kaibig-ibig na kutis na nag-aanyaya ng romansa ay mapapasainyo. Kayat gumamit na ngayon ng kinagigiliwang panlinis ng kutis ng mga bituin sa pinilakang tabing. Sa pamamagitan ng nakatutuksong pinabangong bula ng Camay... kayo ay malulugod sa inyong sarili na higit na kaibig-ibig at higit na kahanga-hanga. Ang Camay ay matipid pa rin.



**CAMAY PATI SA PALILIGO**


Paggamit ninyo ng Camay sa paliligo, masdan kung gaano katagal kayo binabalot ng nakabibighaning halimuyak. . . mahinhing halimuyak na naka-aakit sa kalalakihan.

**ITINATANGI NG MGA BITUIN**

# CAMAY

*Ang Sabon ng Kagandahan*



Makikita sa larawan si Kalihim Ramon Magsaysay (kaliwa), sa piling ng ilang matataas na pinuno, nang dalawin nila ang "pamilihan sa sikat ng araw" sa Dansalan bago naganap ang mákásáysáyáng pagsuko ni Datu Tawantawan. Buhat sa kaliwa, pakanan: Kalihim Magsaysay, Gobernador Mandangan Dimakuta ng Lanaw, Alkalde Ali ng Lanaw, Senador Tomas Cabili, Mahistrado Alejo Labrador at Heneral Calixto Duque.

## Pamilihan Sa Sikat Ng Araw . . . (karugtong)

Ang daungan sa may pamilihan sa Dansalan. Makikita ang mga kasko at malalaking bangkang pinaglululanan ng mga panindang dinadala sa pamilihan. Mahihinuha na kung gaano karaming paninda ang mabibili sa naturang pook dahil sa laki ng mga sasakyang dagat na iyang kalimita'y napupuno ng mahahalagang kalakal.





# ISANG HUKBONG MAPAGTITIWALAAN

* **Manuel Car Santiago**

**Sa "Staff" ng Philippine Information Council**

AYON SA SUMULAT NITO, ANG HUKBONG PILIPINO'Y NASA ISANG KALAGAYAN NGAYON NA MAAARING IPAGMALAKI NG MGA TAUMBAYAN DAHIL SA PAGKAKAROON NG MGA BAGONG PINUNONG MATATAPAT SA PAGTUPAD NG TUNGKULIN AT DI NA MIMINSANG NAGPAMALAS NG MAGAGANDANG HALIMBAWA.

**NA ANG HUKBONG PILIPINO, sa ilalim ng kasalukuyang pagbabagong-tatag ay kinakikitaan ng mga palatandaang nagpapatotoo na ito'y maaari nang paglagakan ng buong pagtitiwala ñg taumbayan, ay isang katotohanang hindi** na mapasusubalian.

**Ang pagbabagong-tatag na sinimulan ng masipag at kalpala'y pinakabatang kagawad ng gabinete, Kal. Ramon Magsaysay, at itinaguyod ng karapatdapat na kasalukuyang Puno ng Estado Mayor, Heneral Calixto Duque, ay kinakikitaan ng magagandang bunga.**

**Hindi maikakait ang katotohanang ang hukbong Pilipino, hanggang noong hindi pa ginagawa ang kasalukuyang pagbabagong-tatag ay hindi ang dating hukbo natin noong araw, nang ito'y isa pang organisasyong tinitingnang may paghanga at pag-aáláng-alang ng mga mamamayan.**

**Tinuturol na dahilan ang pangyayaring sa sinapupunan ng hukbo na rin ay naghahari at laganap ang di-kasiyahan, bagay na nagpapahina sa moral ñg mga kawal at nagpapahina sa hukbo na rin.**

Mulá náng mahirang na Kalihim ng Tanggulang Bansa ang naging Kinatawang Ramon Magsaysay ng Zambales, ang hukbo ay nakatikim ng "masasakit na palo" buhat sa kamay ng isang taong may marubdob na malasakit na ito'y mahango sa kanyang dustang kinalagakan at madala sa isang kalagayang tinitingnang may pitagan at ipinagmamalaki ng mga taumbayan.

Hindi pa nalalaunang si Tinyente Koronel Napoleon Valeriano na namiminuno sa ika-7 Batalyon ay ibinalik ng Kalihim Magsaysay sa kanyang dating ranggo, buhat sa kanyang pagka-komandante lamang, bilang pagkilala sa kányáng ginawang magiting na pakikilaban sa mga kaaway sa lalawigan ng Bulakan. At kasabay ng pagtataas na ito kay Valeriano, ang ilang pinuno at mga kawal na kasama niya sa pangkat na nagpamalas ng angking katapangan at giting sá pakikilaban ay itinaas din.

**Sinabi noon ng Kalihim Magsaysay na kailanma't kakailángánin ay hindi siya magaatubiling gumawa ng mga pagtataas sa mga taong karapatdapat at magbaba naman sa mga inutil at mga di-kanaisnais.**

**Kamakailan lamang, pagkatapos na mahirang na Pansamantalang Puno ng Estado Mayor, si Heneral Calixto Duque ay gumawa agad ng mga** hakbang na kailangan upang malubos áng pagbábagong-tatag ng hukbo. Naglakda siyá ng apat na sona ukol sa mabisang paglaban at pananalakay sa mga pinunong pinagsaláláyán niya ng gawaing magpapanumbalik sa katahimikan at kaayusan.



**Kalihim Ramon Magsaysay**

Nguni't waring sinusubok kung hanggang saan makárarating ang mahihigpit na utos ni Heneral Duque. Hindi pa natatagalan, sinasabing mga apatnapung pinunong itinalaga niyáng magtungo sa larangan at makipaglaban sa mga mapanligalig ang ayaw magsisunod at sa halip ay nagpapalikwad-likwad at gumagawa ng mga pagdadahilan upang manatili sa kanilang mesa. Ipinalalagay na ang di-pagtalima ñg mga pinunong ito sa utos ng kanilang nakatataas na pinuno ay dahil sa kanilang paniniwalang hindi sila pababayaan ng kani-kanilang tagatangkilik na pulitiko.

Pagkabatid ni Heneral Duque ng pangyayaring ito ay kagyat na ipinag-utos ang pagpapadakip sa nangasabing pinuno lakip ng págbábántang ang mga ito'y uusigin sa Hukumang Militar, sakaling ipagpapatuloy ang kanilang di-pagsunod.

Ang hakbang na ginawá ni Heneral Duque ay tumanggap ng matutunog na palakpak hindi lamang sa mga karaniwang mamámáyang matamang sumusubaybay sa kanyang mga gawain, kundi pati ng mga pahayagang madalas kaysa hindi ay mapamuna sa pangasiwaan.

Sabi pa ni Heneral Duque: "Ang unang dapat isipin at isaaláng-áláng ng isang kawal ay ang kapakanan ng kanyang bayan at ang paglilingkod dito; hindi ang tungkol sa kanyang pansariling kapakanan."

Ang pangyayaring iyon ay naglalantad ng dalawang makabuluhang halimbawa: Una, ipinakikilala ngayon ng hukbo sa ilalim ng pamamatnugot ni Heneral Duque na ito'y totohanan ngayon kung kumilos. Nililinis nito at pinatatatag ang nanghihinang moral ng hukbo hanggang sa kahuli-hulihang kawal. Ikalawa'y parang tahasang pagsasabi sa mga pulitiko na hindi sila dapat manghimasok sa hukbo at sa mga suliranin nito.

Isang taong tumanda na sa hukbo at lubos na nakababatid kung paanong dahil sa panghihimasok ng kamay ng pulitika ay nasisira ang lalong mahahalagang disiplina sa hukbo, **ang ginawa ni Heneral Duque ay tunay na makatwiran at karapat-dapat tumanggap ng pagsang-ayon at pagtataguyod ng** lahat.

Ang magagandang halimbawang ipinamalas nina **Kalihim Magsaysay at Heneral Duque** ay karapat-dapat tulungan at itaguyod hindi lamang ng mga pinunong sa kanila'y higit na nakatataas kundi ng mga taumbayan na rin. **Ang kalihim** Magsaysay at si Heneral Duque ay mga tao lamang na nasasagkaan din ng mga kasahulang hindi ĥawak ng kanilang kapangyarihan. Kung sila'y lu-



**Heneral Calixto Duque**

**bos na tutulungan ng mga higit na nakátátáás at ng taumbayan na rin, ngayon pa'y máári nang tiyáking ang hukbong Pilipino ay maibabalik sa kanyang dating mataas na kalagayang tinitingala, ipinagmamalaki at pinagtitiwalaan ng buong bayan.**

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

Dumarating naman sa pagkakataong ito si G. Guinto at nang mabatid ang aming pinag-uusapan ay buong lungkot na nakapagsabi na may himig hinananakit pa, ng ganito.

—Iyan na nga ang nakapagpapahirap sa aming loob—ang sabi niyang halos nangilid ang luha sa mata, dala ng malaking pagdaramdam — ayaw nilang bigyan ng sandata ang ating mga pulis. Aba, kung malalaman mo lamang ang nangyayari — ang kanyang pagtatapat na tila ako lamang ang ibig kausapin — ay dadalawin ka ng lungkot. Hindi pa ako nakakikita ng mga taong gaya nito, na napakamakahari kung kausapin. Sinusurot-surot kami sa mukha kung anu man ang ibig iutos...

Agad kong naunawaan ang kaibigan sa kanyang ibig sabihin at ang aking pagkapilipino'y nasugatan nang malalim, na halos nawalan na ako ng pakundangan sa mga kaharap na kaginoohan at bigla kong nasabi nang malakas, sabay sa pagtindig ang ganito:

—Kung gayon ay maliwanag ang salitaan. Tinawag nila kayo upang hingán ng tulong sa ikaaayos ng bayan at karampatang ibigay sa inyo ang lubos na pagkakatiwalá. Kung sa kanilang pagpapasunod na ginagawa ay ipinahahalatang gaya niyán na wala silang tiwala, ang dapat sa aking akala ay mangagbitiw kayo; hindi dapat tumulong sa isang pamahalaang hindi na nakapagkukupkop ay magpapahirap pa sa bayan.

Lahat ay natigilan sa narinig na ito sa akin at akin namang kinilala pagkatapos, sa aking sarili, na tila ako'y napabigla.

—Ang mabuti'y kausapin natin ang Comisionado Aquino—ang sabi ni G. Guinto makaraan ang mahaba-haba ring sandali—Sabihin natin sa kanya ang mga nangyayari—at ang pulong ay tinapos upang ang lahat ng kaharap ay dalhin sa tanggapan ni G. Aquino.

Ako'y hindi na sumama at hindi na naman dapat. Nguni't nang kami'y lalabas na lamang sa pinto, na taglay ko ang alalahaning baka may nagalit sa mga kaibigang nakaharap; ay niyakap ako nang mahigpit ng kaibigang si Dr. Nolasco, alkalde ng dating Maynila at sa mata'y nakalarawan ang ganap na kasiyahang-loob, na ang sabi sa akin sa nanginginig na tinig:

—Salamat sa inyo!

Ako'y nagalak nang di ano lamang. Naisaloob kong sa akin palang inaakala ay hindi naman ako nag-iisa.

### ANG KAPALARAN NG MGA MANGGAGAWA

Nang ang ganap na kapangyarihan sa loob ng Bansa ay lubusang mapasakamay ng mga pilipino dahil sa bisa ng kautusang Tydings McDuffie ng Congreso ng Estados Unidos, na nagkakaloob ng kasarinlan sa taong 1946, ang kapanatagan ng mga manggagawa sa kanilang katayuan, ay ganap na tinamo. Hindi lamang nagpatibay ng mga utos ang pamahalaan at nagpairal naman ng mga pasiya ang nagsisipamuno, kundi bilang paglupad sa atas ng Saligang-Batas, ang mga manggagawa ay naging kasanggunì sa pamamahala sa Bansa. Isa nilang kinatawan ang kabilang sa gabinete ng Pangulo ng Pilipinas at isang buong kagawaran ang nangangalaga sa pagkatupad ng mga utos at pasiyang nagpapaanyo ng kanilang kapalaran. Ang mga huling hakbang na ginawa ng ating Malasariling Pamahalaan sa kabutihan ng mga anak pawis, gaya ng pagtatakda ng isang malaking halaga na ibibili ng mabasag-ulong malalaking lupain na ipagbibili pagkatapos sa mga mahihirap; ang paghahanda ng mga lupaing bayan sa malawak na Mindanaw at sa Kahilagaan ng Luson na ibinibigay pagkatapos sa mag-a-mag-anak na nagnanasang magkaaring sarili; ang pagbili ng malalaking sakahan na ipinagbibili pagkatapos sa mga mahihirap; ang pagtatayo sa mga kabayanang matao gaya ng Maynila ng mga paupahang mura, maaaliwalas at malilinis na bahay, ang paggugugol ng malaking halaga sa pagtuturo sa mga may kagulangan nang hindi nagkapalad makapag-aral; ang pamumudmod na walang bayad ng sari-saring binhi ng iba't ibang halaman na sukat pakinabangan sa kaukulang panahon; ang pagpapatayo ng mabubuting pagamutan sa mga lalawigang malayo na napagdadalhang walang-bayad sa mga mahihirap upang magamot sa kanilang mga karamdaman; ang pagkakalat sa maraming pook ng mga kupkupan sa mga sanggol na kinatututuhan ng mga mahihirap na ina ng tumpak na paraan sa pag-aalaga ng mga bata upang malayo sila sa mga pagkakasakit na pumupuksa sa buhay ng kamusmusan; ang taun-taong paglalagay ng iba't ibang tanim sa katawan na panlaban sa mga karaniwang sakit na nagiging salot kung di mapag-iingatan; ang pagpapatayo ng mga paaralan sa malalayong nayon upang ang mga biyaya ng pagkatuto ay makaabot sa malayo mang dampa; ang pagpapabukas ng mga daan at pagpapalagay ng mga tulay na naglalagos sa dati-dati'y nangapupulong mga bayan at nayon upang mapadali ang pagluluwas-sumuba ng mga nagdadala ng kanilang ani sa mga pamilihan; ang pagtatayo ng mga usungan sa pangangalakal na ikalilligtas ng mahihirap sa pagsasamantala sa halaga ng mga tagapamagitan; ang paglalagay ng isang sadyang hukuman na tanging makaaalam sa mga paghahabol ng mga maralita sa kanilang mga pagkasahol sa paggawa sa pakikisamá sa pagsasaka at sa pagpapaupa; ang pagtatakda ng pinakamababang halaga na ipasasahod sa manggagawa sa anumang gawaing ipatungkol dito; ang pagpapatibay ng karapatan ng manggagawa sa sukat niyang makabahagi sa aanihin, kahi't may sayad na maiwan sa ginagawang pagtutuus taun-taon; ang pagpapanatili sa kanyang gawaing hawak na di-maaaring bawiin kundi sa sapat na dahilang sisiyasatin pa muna ng mga maykapangyrihan bago magkabisa at iba pang mga ginawang kabutihan ng mga pinuno; ay nagpapatotoong sa pagyari ng balangkas ng matibay na gusaling pagsisilungan sa kasarinlan, ang kapakanan ng mga manggagawa, ay hindi naka-

# Paglimot... Luha... Katapatan!

Katha ni MARIO MIJARES LOPEZ

—I—

ANG kanilang kasaysayan sa pag-ibig ay kasingningning nang naghuhumindig na liwanag ng araw sa katanghalian ng buhay. Sila nga ang mga kaluluwang dumakila sa walang kamatayang kabanata ng isang pagsusuyuang ulit-ulit na napakatinig sa isang tugtuging nilikha ng isang dalubhasa sa sining ng musika. Sila ang mga pusong pinaglapit ng iisang layunin; pinagdaop ng katalagahan at pinag-isa ng mga pangarapin. Ang kanilang makulay na pag-iibigan ay patuloy na naglulunoy sa lawang-salamin ng isang munting dagat-dagatang nababakod ng matatarik na kabundukang kumakanlong sa buong paligid na iyon.

—II—

NGUNIT sa pamamaalam ng unti-unting nagmamaliw na sinag ng araw, sa pagtatapos ng isang napagal na maghapon ay kapwa sila nagulantang buhat sa isang malalim na pagkalimot nang matambad sa kanilang paningin ang nakabustay na kalansay ng kasawiang nagsasayaw sa ibabaw ng hubad na karilagan ng daigdig. Noon nila kapwa nakilala ang katotohanan ng agos ng buhay sa kalungkutan, sa paghihinagpis at kapighatian.

—III—

MALAYO na ang nararating ng mga alalahanin ni Ruben. Hindi niya napapansin ang paglapit ng mga yabag sa kanyang likuran. Nakatuon ang kanyang gunita sa isang malayong nayong nagbigay sa kanya ng isang libo't isang kahulugan ng tinatawag na pagsamba sa isang dakilang pag-ibig sa kanyang buhay, sa kanyang tugtugin at mga tagumpay.

Patuloy ang paglapit ng mga yabag. Nguni, wala siyang naririnig. Ang napapakinggan niya'y ang tinig ni Maria Consuelo — ang dating tinig na hindi miminsang pinanabikang makaulayaw sa mga sandali ng kanyang pangungulila at pag-iisa sa kapanglawan.

—IV—

—Maganda ang inyong tugtugin, G. Fabian! —wika ni Maria Consuelo, nang magkakilala sila, pagkatapos ng mahigit na isang linggong pamamalagi ng binata sa nayong iyon dahil sa hatol ng isang manggágamot na tumitingin sa kanyang karamdaman. —Madamdamin at tunay na lipos ng buhay.

—Nakararamdam ako ng madaling paggáling kung nababati ninyo ang isa kong obrang pinagsasanayán, —nasambit ni Ruben, na napaghahalátá ang matimping paghanga sa kagandahang kaharap niya.

—Inaasahan kong hindi kayo magiging maligaya, dito sa aming nayon. Wala rito ang kaganápan ng isang kaligayahang nasa pusod ng lunsod! —pabang badya ni Maria Consuelo.

—Nasisiyahan ako, sa aking pamamalagi rito, —mahinang sagot ni Ruben, nguni't biglang nalarawan ang kalungkutan sa kanyang mukha. Gayumpaman, walang kapanatagan ang aking puso, sapagka't maáaring hindi ako maunawaan ng mga tagarito sa inyo.

Nakasugat sa damdamin ni Maria Consuelo ang nabakas niyang kapanglawang naghahari sa katauhan ng kausap.

—Ano ang ibig ninyong sabihin, G. Fabian? Bakit kayo nagsalita ng gayon?



**Sumungaw ang luha sa mga mata ni Consuelo... Ibig niyang magsalita, nguni't... (Kagandahang loob ng mga nakalarawan. Tagpo sa "DR. RAMON SELGA" ng Sampaguita na pinamahalaan ni Direktor Octavio Silos at ginagampanan nina Oscar Moreno, Fred Montilla, Linda Estrella, Teresita Martines, Tessie Agana, Myrna Delgado at marami pang iba.**

Pinagmasdan ni Ruben ang dalagang nayon. Ngumiti siya at pagkatapos ay mabanayad na nagparilala.

—Iba ang inyong pagkakilala sa aming mga taga-lungsod. —anang binata. —Nilalagyan ninyo ng hanggahan ang uri ng pamumuhay sa siyudad at sa lalawigan. Sa ganang aki'y walang pagkakaiba, —patuloy pa niya. —Kapwa tayo nilikha ng Diyos at nabubuhay sa lilim ng iisang langit. Magkasumping ang ating pananalig sa kagandahan ng kaliksan at iisang pook ang paghahahantungan ng mga simulaing naiguguhit ng ating mga labi.

Nakabadha sa mga paningin ni Maria Consuelo ang malabis na pagkaakit ng kanyang damdamin sa kay Ruben Fabian. Tila nga ito'y naiiba kaysa marami nang taga-siyudad na nakarating sa kanilang nayon.

—Kayo pala'y hindi lamang isang anak ng sining sa musika, kundi ng lahat ng arte—isang makata!

Nagkatawanan sila.

—V—

ANG sumunod pang mga araw ng kanilang malimit na pag-uusap ay siyang nagbigay daan upang mawala na sa kanila ang pagpupupuan sa amuki na rin ng binata.

—Ang unang tugtuging kakathain ko sa nayong ito ay pamamagatan kong "MARIA CONSUELO" at ikaw ang aking magiging inspirasyon, —nakangiting pagtatapat ni Ruben, nang minsang makaniig niya ang dalaga.

—Tinatanggap kong isang malaking karangalan ng aking sarili, Ruben, —malakas ang pagtahip ng dibdib ni Maria Consuelo. —Subali't ang kaliitan ko'y walang gaanong maidudulot na kabutihan sa iyong pangalan at lilikhaing tugtugin. Manapa'y makababawas ng malaki sa katanyagan ng inyong mga tagumpay.

—Sinusugatan mo ang aking puso!

—Bakit ka nagsalita ng gayon?

Nakabuhol sa mga buntunghininga ni Ruben ang mga katagang di masambit ng kanyang mga labi. Ibig na niyang ipahiwatig ang ibinubulong ng kanyang puso. Itinutulak siya ng pagkakataon. Nadarama niyang sinusumbatan siya ng ka-

(Buklatin sa pahina 15)



**Dakila at walang kupas na pag-ibig ng isang matapat na kapilas ng buhay ang nalalarawan sa itaas, na isang tagpo sa "BAYAN O PAG-IBIG" ng LVN. Itinatampok dito sina Rogelio de la Rosa at Tessie Quintana, sa pamamahala ni Direktor Gregorio Fernandez.**

## May Mga Biyenang Kusang Lumalayo Sa Mga Manugang Dahil Sá Malabis Na Pagtinging Di Nais Mabahiran Ng Pag-aalinlangan — Iyan Ang Pinatutunayan Ng Kuwentong Ito

MANGIYAK-NGIYAK na si Meny dahil sa magkahalong pangingimi't kawalang-muwang na nadarama niya. Nakatitig siya sa malaking dalag na pupusag-pusag sa labador. Hindi niya matiyak kung ano ang dapat gawin sa isda, kalakip ng pangingiming hipuin ito.

Nag-aalalang tiningnan ni Meny ang orasan sa ibabaw ng **shelf**. Tahimik na patuloy ang mga kamay nito sa paggalaw. Hindi niya nakitang gumagalaw ang mga kamay nito, nguni't batid niya, dahil sa malayo na ang narating ng malaking kamay buhat sa kinaroroonan niyon nang manggaling siya sa palengke... Maganda ang orasan niyang iyon, bagung-bago, kasingganda't kasimbago ng lahat ng mga kasangkapan niya rito sa kusina... Karamihan ng mga kasangkapang ito'y handog sa kanila ni Daniel noong sila ay ikasal. Magagandang kasangkapan na karamiha'y hindi pa niya batid hangga ngayon kung paano ang talagang paggamit...

Namuo ang luha sa kanyang mga mata nang maalaala ni Meny na ang mga kasangkapang yao'y naipakita niyang lahat sa biyenang babae, kasabay ang isang kiming pagpapahiwatig na hindi nga niya alam kung saan-saan nauukol ang mga iyon. Sinabi naman sa kanya ng kanyang biyenan kung saan nga nagagamit ang mga iyon, nguni't hanggang doon na lamang. Hindi itinuro sa kanya. Hindi nagmalasakit na turuan siya.

Ang luha'y tuluyan nang gumulong sa kanyang pisngi. Binayaang maglandas ang mga luhang iyon nang walang sagwil. Malaon nang nais niyang lumuha nang ganito. Malaon na...

Bago siya naging maybahay ni Daniel, maraming bagay ang naari niyang pagkaitan ng pitak sa kanyang damdamin. Sanay na siya sa gayong pagkakait. Buhat pa noong mamatay ang kanyang ina, noong halos isang musmos pa lamang siya, maraming bagay na ang pinagkaitan niya ng pitak sa kanyang damdamin. Mga bagay na nababatid niyang makasusugat lamang sa kanyang murang puso, mga bagay na kanyang mahahanap lamang sana sa isang nagmamahal, mga bagay na tanging isang maunawaing puso't isang taos na pagmamahal ang tanging makauunawa...

Humihikbi na si Meny. Malakas ang kanyang mga hikbi. Bakit ba niya pipigilin? Walang makaririnig sa kanya liban sa pintig ng kanyang puso at pagtiktak ng orasan doon sa ibabaw ng **shelf**... Katulad na lamang ng orasang iyon. Hindi niya malaman noong una kung saan niya ilalagay iyon. Itinanong niya sa kanyang biyenan kung saan nababagay.

—Ikaw ang bahala, kung saan ang nais mo, —ang tugon sa kanya, at iniba na ang usapan.

Siya raw ang bahala... Siya ang bahala sa ganito, sa ganoon... Sa lahat na kanyang isangguni, laging itinutugon sa kanya'y siya ang bahala... Kailanma'y hindi nagkaroon ng malasakit sa kanya.

Hinanap ng kanyang nanlalabong paningin ang isang luklukan, at pasadlak siyang umupo rito. Humahagulgol nang isubsob ang kanyang ulo sa bisig niyang pinagsalikop sa ibabaw ng mesa. Lahat ng kinukuyom niyang sama ng loob ay kanyang bibigyang-daan ngayon. Malaon nang nagsisikip ang kanyang dibdib. Ang mga bagay na noon ngang siya'y dalaga pa'y pinagkaitan niya ng pitak sa kanyang dibdib dahil sa pangambang magdulot lamang ng sugat sa kanyang puso, ngayo'y narito't siyang nagpapaluha sa kanya.

Bakit ba ang lahat ng kanyang mga kaibigan? Lahat ng kanyang mga kakilala? Lahat sila'y naririnig niyang pinagmamalasakitan ng mga biyenan ng mga iyon. Labis pa nga ang nagiging pagmamalasakit ng kanilang mga biyenan, kaya't sa pagkukuwento sa kanya'y laging pagkayamot ang ipinagtatapat ng mga kakilala't kaibigan niya. Nayayamot na lahat sa mga biyenan dahil sa pagmamalasakit... Siya naman ngayo'y lumuluha sa kawalang-malasakit ng kanyang biyenan...

Ngayon pa lamang ay wala nang pagtingin ang ina ng kanyang asawa. Kung siya'y maganak paano pa kaya? Muli niyang madarama ang kalungkutan ng pagkaulila, marahil, kapag sila'y nagkaanak ni Daniel, lalo niyang madarama ang hapdi ng walang ina... Hindi lahat ay maidudulot sa kanya ni Daniel. Napakaraming bagay na karanasan ng isang babae na tanging isang inang nagmamahal lamang ang makauunawa. At siya'y naging ulila na sa ina, simula sa kanyang pagkabata...

Hindi niya matiyak kung kanina pa niya naririnig ang malalakas na katok sa pintuan. Palagay ba niya'y malaon nang naging kasaliw ang mga tuktok na iyon ng kanyang paghikbi kangina pa.

Bigla ang pagkatayo ni Meny at tinungo kaagad ang salaming naroon sa isang panig ng kanyang kusina. Pugtung-pugto ang kanyang mga mata. Hindi makakaila ang bagay na ito sa sinumang tumutuktok na iyon.

Dinaanan niya ng pulbos pati talukap ng kanyang mga mata upang mabawahan ang pamumula nito. Pagkaraa'y nag-aalalang binuksan na niya ang pinto.

—Kayo pala, Nanay, —ang kanyang bati. —Tuloy kayo...

**(Buklatin sa pahina 15)**

**Katha ni GLORIA VILLARAZA GUZMAN**

# Makabagong Biyenan

**Gayun Na Lamang Ang Panggigilalas Ng Dalaga Nang Mabatid Na Isáng Manananggol Pala Ang Binatang Sorbeterong Iniibig Niya Nang Lihim**

# Ang Sorbetero

**Kuwento ni FELICIANO C. EVANGELISTA**

KUNG MINSAN ay nagkakatotoo ang kawikaang "Sa mga walang saysay na damo sa parang natatagpuan áng mabibisang gamot sá káramdámán." Katulad din naman ng sa mga angkang mahihirap at anak-pawis sumisipot ang maraming matatalino.

Bilang katunayan ay si Renato, isang binatang sa ilalim ng karalitaan ay pinilit igapang ang kanyang pag-aaral hanggang sa umabot ng tatlong taon sa Abogasya sa Manila Law College. Subali't nang mamatay ang kanyang ama na siyang haligi ng kanilang tahanan, nápilitán itong maghinto muna ng pag-aaral at halinhan áng yumaong ama sa mga gawain sa bukid. Kinailangan niyang ipagpatuloy ang naiwang gawain at tungkulin para sa kanilang mag-ina.

Para kay Renato, ang gawain sa bukid ay hindi mahirap na gawain. Dito siya isinilàng, dito siya lumaki, at sa gawain sa bukid hinubog siya't pinandáy ng yumao niyang ama. Sanay siya sa bukid. Marunong siyang mag-araro at magsuyod. Marunong siyang magtudling ng mahaba at matuwid kung tanìman ng mgá gulay sa tumana. Sanay siyang manakag, manalapang at manisid ng mga kabibe sa ilog. Marunong din naman siyang mag-anluwage. Anupa't walang gawaing magbubukid na hindi niya nalalamán, kaya't kinuha man ng Diyos sa kanilang mag-ina ang pinakamamahal nilang dalawa sa buhay, ay napagpala rin ni Renato ang kapirasong sukat na lupang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan.

Isang gabi noong katatapos lamang ng giikan, napansin ni aling Maria na waring may malalim na iniisip ang kanyáng anak.

—Ano ang iniisip mo, Renato? —tanong sa kanya. —Hindi ba tayo umani ng mabuti?

—Ang ani natin ay mabuti, na. Sa taya ko'y makapagliligpit tayo ng limampung kaban. Wala naman tayong pinagkakautangan upang pagbayaran kaya umaasa akong maipapanhik nating malinis ang limampung kabang iyan.

—Gayon pala ay ano ang mahálágáng bagay na iniisip mo?

—Maganda ang aking iniisip, ina, nguni't ináaláálá kong baka hindi ka pumayag.

—Kung sinasabi mong mabuti, ay bakit naman ako hindi papayag?

—Ang ibig kong sabihin, ina, —paliwanag ng binata, —yamang hindi naman natin màuubos marahil ang dalawampu't limang kaban, ang dalawampu't-lima naman ay maáári nating ipagbili upang mayroon tayong kaunting kuwaltang nakatago.

—Iyon lamang pala, e di ikaw ang masusunod. —masuyo naakin. Ibig kong maipagpatuloy ang aking pag-aaral.

Pinigil man ng ina ay hindi nailihim ang panlulungkot ng mukha. Paano'y wala na nga naman ang kanyang asawa ay malalayo pa sa kanyang piling ang kaisa-isa niyang anak. Gayunman ay hindi ito tumutol.

—Ikaw ang bahala, anak, —tugong may pilit na ngiti. —Luwuwas ka at ipagpatuloy mo kung iyan ang marubdob mong mithiin.

—Huwag kang mag-alaala sa akin, ina, —palubag-loob naman wika ng anak. —Pag-



"Ngayon ay hindi na ako mahihiyang magtapat sa iyo na iniibig kita...!" wika ng binata. (Kagandahang loob ng mga nakalarawan... sa isang tagpo sa "VENUS" ng LVN na pinamamahalaan ni Direktor Manuel Silos. Nagsisiganap dito ng mahahalagang papel sina Lilia Dizon at Teody Belarmino).

mang tugon ni aling Maria.

—Hindi pa ako natatapos, ina, agaw ni Renato. —Dahil nga dito ay ibig kong samantalahin ang pagkakataong makaluwas sa Maynila at maghanapbuhay upang maipagpatuloy ko ang isang pagkakataon para sa ako'y nakakita ng mabuting hanap-buhay sa Maynila, hindi lamang maipagpapatuloy ko áng aking pag-aaral, kundi mapadadalhan pa kita ng pera at áng ating kapirasong saka ay maáári mo nang ipasaka kahit na sa Ka-Andres. Ikaw na ang bahalang pumarti sa kanya.

Magandang pangitain ang nakikita ni aling Maria sa mga ipinaliwanag na iyon ni Renato, subali't ang ina nga naman ay ina. Masukal din ang loob at ma'y luha sa mata nang lumisan na ang bunso.

Pagdating ni Renato sa Maynila, doon nágtungo sa bahay ng kányáng pinsan sa Maria Clara na dati niyang tinutuluyan noong siya'y nag-aaral ng unang taon sa Batas. Kinabukásán ay sinimulan niyáng galugarin ang buong Maynila upáng makakita ng mapapasukán. Subali't nadulugan na niyá áng lahat ng kawanihan, mga bahay-kalakal at pagáwáán, ang lahat ay paraparang walang mga bakante. Sa pinto pa lamang ay binubúlágá na siya ng mga babalang **NO VACANCY.**

Ibig nang masiraan ng loob ni Renato. Ibig na nitong magbalik sa Bulak, sa piling ng ina at huwag nang ipagpatuloy ang isang taong nalalabi upang siya'y makapagtapos sa Abogasya. Subali't nanghihinayang naman siya, kaya't kahi't na manggágáwa ay humanap na rin siya ng mapapasukan...

Sa kanyang paglalakad ay inabot siya ng matinding uhaw. Pagkátánaw sa isang nakahintong magsosorbetes, lumapit ito at saka bumili upang makainom lamang. Habang kumakain ay tinatanong ang lalaking nagtitinda.

—Malakas ba ang hanapbuhay na ito, mama? —usisa niya.

—Malakas din po naman, —tugon naman ng tinanong. —Kung minsan ay tumutubo ng labinlimang piso at kung minsan naman ay sampu. Iyon nga lamang... trabahong mahirap. Ginagala mo halos ang buong Maynila.

Napatitig si Renato sa kausap nang marinig na tumutubo ng gayong halaga araw-araw ang pagtitinda ng sorbetes.

—Hindi na kaya nangangailangan pa ng sorbetero sa pinagkukunan ninyo niyan? —nananabik na tanong ni Renato. —Ibig kong magpirisinta.

—Talagang nangangailangan nga ng mga sorbetero roon. Sumama kayo sa akin, ubos na ang tinda ko at kailangang kumuha uli.

Kinabukasan ay isa na rin si Renato sa mga sorbeterong

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

**ni D. R. IÑIGO**

Sina Aurelio Periquet at Paul Wood, pangulo ng samahan ng mga mangangalakal na Pilipino ang una at pangulo ng samahan ng mga mangangalakal na Amerikano ang ikalawa, ay kapuwa nagpahayag ng pag-asang ang kapulungan ng mga pangulo at pangalawang pangulo ng iba't ibang samahan ng mga mangangalakal na intsik sa kapuluan, ay tutulong sa pamahalaan at sa mámámayan sa pangangalaga sa kapakánán ng lahat.

Ang kapulungán na siyang kaunaunahang idinaos at may kaugnayan sa pagpapasinaya sa bagong gusali nito ay itinindig nang magsisimula ang linggo.

Ani Periquet: "Ipinalalagay kong ang kapulungang ito'y magsasakit na mabigkis ang lahat ng mangangalakal na Intsik na nakakalat sa kapuluan, upang tumulong sa pamahalaan ng republika sa panahon ng pangangailangan nito.

Ani Wood: "Ang Samahan ng mga Mangangalakal na Amerikano ay nakikiisa sa mga panukala ng kapulungan na maghanda ng mga panukala hinggil sa pakikipagtulungan sa hinaharap sa pamahalaan ng Pilipinas at sa mga ibang mamamayan sa siyudad."

———

Binuksan na ang pabrika ng lubhang kilalang mga kagamitan sa pagpapaganda tatak Helene Curtis, ayon kay Michael Goldenberg, bantog na mangangalakal rito at pangulo ng bagong tatag na Philippine Industrial Export Associates, Inc.

Inaasahan ng samahan na makapagluluwas ng kanyang mga produkto sa buong Dulong Silangan na tuwirang umaangkat ngayon ng mga kagamitang ito sa Estados. Ang pagawaan ay nakapagtitipid ng dolyar.

Napadali ang pagbubukas ng pabrika sa pagdating dito ni Dr. Joseph Jordan, dalubhasa ng Helene Curtis, na naparito upang mapasimulang kumilos ang pagáwáán, ayon kay Goldenberg. Ang iba't ibang produktong niyayari rito ay ginagawa sa ilalim ng pangangasiwa ni Jordan.

———

Ang mga pinaiiral na paghihigpit at pagtatakda ng inaangkát ay hindi dapat ituring na mga hakbang upang mapanlupaypay ang paglalagak ng puhunan dito, sinabi ni Kalihim Cornelio Balmaceda sa mga bumubuo sa misyon sa pakikipagkalakalan ng Hongkong.

Muling ipinahayag ng kalihim ang anyaya sa mga kapitalistang dayuhan na isaalángalang ang mga pagkákátaong inihahandog ng máraming industriya ritong naghihintay upang paunlarin. Ipinagbigay-alam niya sa mga mangangalakal na taga Hongkong na naparito upang magsuri sa mga maaaring paglagyan ng puhunan, na ang mgá industria ng kayo at ng isda ay naghahandog ng mabubuting pagkakataon.



Kalihim Cornelio Balmaceda

———

Ang malalaking transaksiyon ng mga ariariang hindi nátitinág sa loob ng linggo ay itong sumusunod:

Isang malawak na lupaing may 86,343.8 metrong parisukat sa Santa Ana ay ipinagbili ni Maria Paz Mendoza Guanzon sa J.K. Pickering and Company sa halágáng P342,891;

Isang loteng may 647 metrong parisukat sa Azcarraga, malapit sa Sine Star, at may 1875 metro sa kahabaan ng Azcarraga at may lalim na 35 metro, ipinagbili ni Rosario Matta at mga kásámá kay Toribio Teodoro sa halágáng P150,000 o P231.80 ang isang metrong parisukat.

Isang loteng may 3,915 metrong parisukat sa Isaac Peral sa Pako, may pangharap na sukat na 40 metro, ipinagbili ni Mariano H. Bautista kay Gilbert Zuellig sa halagang P94.500.

Isang loteng may 405.4 metrong parisukat sa Nueva, Binundok, ipinagbili ng Metropolitan Inc. sa Mercantile Investments Inc., sa halagang P60,000.

———

Ang nalikom na mga bayad sa pagpapatala ng mga sasakyan at ng pahintulot ng mga tsuper sa 1950 ay umaabot sa P15,929,236.71, ito ay mahigit ng P1,302,546.33 kay sa nasingil noong 1949, ayon sa ulat na inihayag ng tanggapan sa mga behikulong may motor. Ang kabuuan ng nalikom noong 1941 ay P5,300.000.

Ang nalilikom ng tanggapan ay nararagdagan sapul nang matubos ang kapuluan at walang tandang liliit sa 1951 bagaman pinairal ang paghihigpit sa mga inaangkat at tumataas ang halaga ng mga goma at mga kagamitan.

Salig sa mga hindi buong ulat na tinanggap sa mga lalawigan, ang dami ng mga sasakyang ipinatala ng nakalipas na taon ay malamang umabot sa 96,000. Sa Maynila lamang ay may 33,000 automobil.

———

Ang pamahalaan ay naghahanda ng isang talaan ng mgá kinakailangan ng Pilipinas sa taun-taon ng mga pangunang sangkap sa pagkain, gamot, kagamitan sa konstruksiyon at sa industriya, upang maagang maiharap sa Estados Unidos, inihayag ng kagawaran ng mga suliraning panlabas.

Ipinahayag ni Felino Neri, pangsamantalang kalihim panlabas, na hiniling ng kanyang kagawaran sa kalihim ng kalakal at sa tagapamahala ng kanyang kagawaran sa kalihim ng kalakal at sa tagapamahala ng pag-uugnay sa kabuhayan na tumulong sa paghahanda sa taláán.

Kinailangang gawin ang taláán dahil sa sumeselang na kálágáyan ng daigdig at sa pagpapairal ng pamahaláán ng Estados Unidos ng paghihigpit sa mga iniluluwas na mga pangunang kailangan sa buhay.

Natalos na ang Pilipinas ay may lalong malaking pagkakataong makapagtamo ng mga paglálaán sa Estados Unidos at sa mga ibang bansa kung mailalakip sa kahilingan nito sa pagpapalaan ng mga pangunang kagamitan ang isang maliwanag na pahayag ng mga kinakailangan.

———

Isang pangkat na binubuo ng lima katao at pamumunuan ni Kalihim Cornelio Balmaceda ng Kalakal at Industriya, ang ipadadala ng Pilipinas sa kapulungan ng ECAFE na nakatakdang idaraos sa Lahore, Pakistan, sa Pebrero 15 hanggang sa Marso 7, alinsunod sa natalos.

Ang mga iba pang kagawad ay sina Koronel Amado N. Bautista ng National Development Company, Dr. Andres V. Castillo ng Banko Sentral, Miguel Luna ng kagawaran ng kalakal at ang pinuno ng dibisyon sa paghadlang sa baha ng kawanihan ng mga gawaing-bayan.

Ang delegasyon ay dadalo sa ikatlong pulong ng lupon sa industriya at kalakal, sa ikapitong pulong ng komisyon at sa panayam ukol sa mga suliranin ng kabuhayan sa Asya at sa Dulong Silangan.

———

Ang pagtatatag ng isang samahan sa pagtutulungan sa paglálágáy sa pamilihan ng mga magpapalay at pinahintulutang mamuhunan ng kalahating angaw na piso, ay buong pagkákáisáng pinagtibay ng mahigit na 300 magpapalay sa Nueva Ecija, sa pulong na idinaos sa Siyudad ng Kabanatuan, ayon sa inihayag ni Antonio C. Mejia, pinuno ng tanggapan ng mga kooperatiba ng káwánihan ng kálákál.

Ipinaliwanag ni Mejia na nagpadala ng dalawang kawani ng tanggápán niya upang tumulong kay Kongresista Jesus Ilagan sa pagpapaliwanag sa mga magsasaka ng mga kapakinabangang matatamo sa sama-samang paglalagay sa pamilihan ng mga produkto nila, na ang samahan ay siyang magiging panggitnang kooperatiba sa gitnang Luson na binubuo ng Nueva Ecija, Bulakan, Kapampangan, Tarlak, Pangasinan, Bataan at Sambales.



Kongresista Jesus Ilagan

Si Kongresista Ilagan at ang mga alkalde sa 31 munisipyo ang siyang bubuo sa lupong patnugutan ng samahan. Ang kuotá ng mgá kasapi sa bawa't bayan ay hindi kukulángin sa 500 magpapalay, dahil dito ay magkakaroon ng 4,500 kasapi sa simula.

## Makabagong...

(Karugtong ng nasa p. 11)

--Nagdaan lamang ako sandali, hindi ako magtatagal, — sa mga unang salita pa lamang ng kanyang biyenan ay muling umantak ang sugat ng kanyang damdamin. Naramdaman nanaman ni Mening namumuo ang luha sa kanyang mga mata.

—Hali muna kayo sa kusina, —ang pigil na pigil na tugon niya. —Uminom muna kayo ng kahi't ano...

—Huwag na... Talagang nagmamadali ako... Kaya nga lamang ako nadaan ay dahil sa ipinagbibilin lámáng ng Tatay ninyong pumunta raw kayo sa bahay sa Linggo, kailangang-kailangan raw niya si Daniel.

—Si...si Daniel na lamang po kaya ang magpunta sa inyo, —magaralgal na magaralgal ang kanyang tinig, at hindi na niya napigilang ikuskos ang kanyang kamay sa mata.

Naramdaman niyang mahigpit ang pagkakahawak ng kanyang biyenan sa kanyang bisig.

—Meny... Meny, may dinaramdam ka ba? —ang tinig ng kanyang biyenan ay nagtaglay ng pagkabahala.

Napahikbi na siyang tuluyan. Oh, kung hihigit pa ang pagkabahalang iyon sa pagtatanong lamang!

Nanay... Nanay... —ang tanging namulas sa kanyang mga labi. Nguni't ang kanyang kalooba'y humihiyaw. "Kayo

(Buklatin sa pahina 19)

## Paglimot...

(Karugtong ng nasa p. 10)

tahimikan sa kányáng karuwagán. Datapuwa't nagbabangon sa kanyang damdamin ang pangamba. Naisip niyang maaaring magdamdam si Maria Consuelo at ituring na isang kapangahasan ang kanyang gagawin. Ayaw niyang ito'y maghinanakit sa kanya. Talos niyang talusaling ang damdamin niyon. Nagtimpi siya—nagpakatimpitimpi at ipinaubaya na lamang niya sa maluluwag na paghinga.

—Sa ibang araw ko na ipaliliwanag sa iyo, Maria Consuelo, kung bakit nasabi kong sinusugátán mo ang aking puso! —wika niya na may bahagyang panganatal ng tinig.

Napatitig si Maria Consuelo sa mukha ni Ruben, na may pagtataka at pag-aalinlangan.

—vi—

NALIKHA ni Ruben ang awiting "Maria Consuelo sa mga gabi ng kanyang pagpupuyat.

—Sana'y maunawaan niya ang tunay na damdamine nakapaloob sa tugtuging ito. mahinang bulong sa kanyang sarili.

Sa kauna-unahang pagkakataon ay ipinarinig ni Ruben ang bago niyang katatapos na tugtugin nang siya'y maanyayahan sa isang pagtitipong ginanap sa paarálang-nayon ng mga batang nag-aaral. Sa palagay niya'y iyon ang pinakamakulay na kasayahang nadaluhan niya sapul nang siya'y magbakasyon sa nayon nina Maria Consuelo.

Umakit ng malaking paghanga ng mga guro sa musika sa páárálang iyon ang awiting ipinarinig ni Ruben sa pamamagitan ng kanyang tinatawag na "Magic Violin."

Kumikislap sa kaligayahan ang mga mata ni Maria Consuelo. Siya ang unang bumati dito at nagdiwang sa tagumpay ng binata. At nang gabi ring iyon ay inihandog ni Ruben ang kanyang nalikhang tugtugin, bilang isang alaala sa babaing itinatangi ng kanyang puso at kaluluwa. Umindak ang puso ni Maria Consuelo sa loob ng kanyang dibdib.

—Nakapaloob sa awiting iyan, Maria Consuelo, ang buong panalangin ng aking kaluluwa. Ikinatnig ko riyan ang mga hinaing ng aking puso, ang aking mga kalungkutan at pangungulila, ang nilalaman ng aking damdamin at ang lahat ng dinaramdam ko!

Nagsipamula ang mga pisngi ni Maria Consuelo, nguni't may kislap ang kanyang mga mata.


—vii—

MULA sa nakabukas na durungawan ng munting paaralan sa nayon ay natatanaw nila ang dibdib ng kabukirang naliligo sa liwanag ng Buwan. Nakapanungaw rin sa kanilang mga paningin ang nagkislap-kislap na pinilakang sinag nito, na buong katahimikang nakikipagsuyuan sa malinaw nguni't mahinhing agos ng dagat-dagatang nakapaligid sa nayong iyon.

Makailang ulit na nagbuntung-hininga si Ruben. At ang



## MGA MODA




-gayo'y hindi nakaila kay Maria Consuelo.

—Bakit, Ruben, mayroon ka bang dinaramdam? Hindi mo ba ikinagagalak ang gabing ito ng iyong panibagong tagumpay sa musika? —tiwasay at puno ng tiwala ang mga pagtatanong ng dalaga.

—Maria Consuelo.. ·-basag ang tinig ni Ruben. —Ipinakikiusap kong 'mangyaring ipikit mo lamang ang iyong mga mata! Ibig kong sa mga sandaling ito'y maikubli ko sa iyong mga paningin ang mapangahas na labing magsasaad ng isang makulay at marubdob na hangaring nakapaloob sa tugtuging inihandog ko sa iyo.

Isang maliap na kislap ang maliksing naglaro sa mga mata ni Maria Consuelo. Nguni't ang kanyang mga ngiti'y nag-aanyaya ng katapatan at kalinisan ng damdamin.

—Hayan... nakapikit na ako! Ano pa ang dapat kong gawin?

Sandaling napipi ang manglilikha ng tugtugin. Napatambad sa kanya ang isang kagandahang ipinaglihi sa talulot ng mga bulaklak. Lalong maganda si Maria Consuelo kung ito'y nakapikit—larawan ng mistulang kabanalan at kalinisang pinangingimiang salingin ng mga labing uhaw sa pagkakasala.

—Hindi ka na kumibo riyan, Ruben, —may pagkainip na wika ng dalaga. —Nangangalay na ako sa pagkakapikit!

—Tila hindi ko yata masasabi sa iyong.

—Ano iyon, Ruben? —patuloy pa rin sa pagkakapikit si Maria Consuelo.

Nagunita ni Ruben Fabian ang nalalapit na araw ng kanyang pagbabalik sa Maynila. Naaalaala niya ang marikit na kasaysayan sa pag-ibig nina Elmer at Bardusa ng Pransiya. Yaong pag-iibigang nagsimula sa makukulay na tagpo, nguni't natigmak sa luha at nalunod sa kalungkutan ang wakas.

—vii—

MATAAS na ang sikat ng araw nang magbangon sa kanyang hihigán si Ruben. Magdamag halos na hindi man lang siya napikit nang sinundang gabi.

Ngayon niya higit nakilala si Maria Consuelo sa katotohanan. Tunay na ibang-iba ang dalaga kaysa kanyang nakilala nang mga anak ni Eva. Ang Kagandahan at kayumian nito'y wala sa mga aklat na kanya nang nabasa at natunghayan. Sinasamba niya si Maria Consuelo at pinakaiibig ng taos sa kanyang puso, nguni't di niya maaaring paligayahin ito sapagka't magkaiba ang kanilang daigdig na ginagalawan.

—Maria Consuelo, patawarin mo ako! —mahinang bulong niya sa sarili. —Napakalupit ko kung ako'y magiging mapusok at mapangahas. Hindi ko nga matatangkang sugatan ang iyong puso upang pagkatapos ay manatili sa pagluha ang iyong kagandahan.

—vii—

NAGING malimit ang pagdalaw ng kapanglawan sa puso ni Maria Consuelo. Laging may mga kislap ng kalungkutan ang kanyang mga mata. Hindi siya matiwasay. Sa tuwina'y sumisigid ang paninikip ng kanyang dibdib. Makailang ulit na niyang tinanong ang kanyang puso. Maliwanag ang kasagutang kanyang naririnig na paulit-ulit na ibinubulong sa kanyang pandinig. Siya'y umiibig, oo, umiibig siya!

—ix—

KAAYAAYA ang hapong yaon...

Sa nakatambad na kulay ng pagdarapithapong lumilikha ng magagandang lilim ng mga punung-kahoy ay mapayapang tinatanaw nina Ruben at Maria Consuelo ang dibdib ng kabukirang nagtatampisaw sa abuhing liwanag ng unti-unting lumulubog na Araw...

—Maria Consuelo... —simula ni Ruben, na hindi inaalis ang pagkakatitig sa lumulubog na Araw. —hindi ko man bukhin ang aking bibig at buksan sa iyo ang aking dibdib ay natitiyak kong nalalaman mo ang aking buong dinaramdam at iniisip. Nguni't pagmasdan mo ang dahan-dahang paglalaho ng liwanag ng Araw at ang dimahahadlángang pagsungaw ng mukha ng gabi. May pangambang ibinababala; may kalungkutang inihuhudyat: may kapaitang daratal at oh, bakit pa kaya?

Sumungaw ang mga luha sa mata ni Maria Consuelo. Parang napapatawan ang kanyang dibdib. Ibig niyang magsalita, subali't nalunod ang mga kataga sa kanyang damdamin.

—Oo, malayong di-pilak ang Maynila sa inyong nayon. —patuloy ni Ruben. —datapuwa't napakalapit ng aking alaala sa nagpapatuloy na agos ng buhay na nakapaligid sa iyo at sa akin. Nadarama kong ang pintig ng mga iyon ay nariyan lamang sa tapat ng iyong puso, Maria Consuelo. Gayunman, lalong kailangan ko ang sapat na lakas ng loob upang pakiharapan ang katotohanang nagpaparilag sa katapatang ibig igupo ng kalungkutan, dusa at paghihinagpis.

Malungkot na malungkot ang anyo ni Maria Consuelo. Hindi man lang makaganyak sa kanya ang lalo pang paganda nang pagandang kulay ng tanawin ng kalikasan, samantalang matahimik na bumabati ang panggabing simoy ng hangin sa pamamaalam ng marikit na kaganapan ng pagtatakipsilim.

Nanlalabo sa luha ang kanyang mga mata. Matamang tinitigan niya ang mukha ng kausap. Nakabakas ang kalungkutan sa mukha ni Ruben, nguni't nasisinag niya ang matatag na pakikitunggali sa daluyong ng buhay.

—x—

PAGKATAPOS ng dalawang buwang pagbabakasyon ni Ruben Fabian sa nayon nina Maria Consuelo ay muling nagbalik siya sa Lunsod. Lihim niyang nilisan ang nayong iyong kinalagakán ng magandang kabanata ng kanyang tugtugin, tagumpay at ng isang maluwalhating karanasan ng kanyang pag-ibig.

Ang tugtugin at awiting "MARIA CONSUELO" ay naging isang malaking karangalan sa kanyang mga tagumpay sa sining ng musika.

Naging tampulan ng paghanga at papuri ang bagong likhang tugtugin ni Ruben Fabian. Nalathala ang kanyang larawan sa iba't -ibang pahayágán. Kahapon lamang sa gabi ay isang piging ang kanyang dinaluhang handog sa kanya ng samahang: "LOVERS OF MUSIC."

—xi—

PARA pang nagulantang mula sa isang pagkakatulog si Ruben nang tumanggap siya ng isang liham ng pagbati, na kaiba sa marami nang sulat ng pakikilugod at paghanga na kanya nang natanggap. Anang isang bahagi ng liham:

**...binabati kita, Ruben sa iyong mga tagumpay! Hinahangad ko ang marami mo pang tagumpay sa hinaharap na mga araw. Nguni't nakalimutan mo namang ako'y batiin din, kaya napilitan akong sulatan ka.**

**Tila kakahapon lang pi-**

**nagtagpo tayo sa dulo ng i-sang landas ng di sinasadyang pagkákátáon. Nguni't naituro mo sa akin ang katotohanan ng buhay sa ating paligid. Nadama ko sa piling mo ang katimpian ng isang pag-ibig na nanatiling nakabuhol sa iyong mga buntung-hininga. Gayunman, ang katimpian ng pag-ibig na iyon ay namalaging nakabadha sa kislap ng aking mga paninging kinandili ng paglipas ng mga araw. Pinanghihinayangan ko ang kalinisan at katapatang nauwi sa isang pangarap lamang. Umalis ka sa aming nayon nang walang sinumang nakabatid. Hindi ka man lang nagpaalam sa akin. Nguni't ako ang higit na nakadarama ng iyong buong dinaramdam, pagka't ikaw ay umi big na gaya ko ring nagsisimpan ng pagmamahal sa nilikhang higit na mapagparaya kaysa talagang inaasahan ko. Ang panahon ay di marunong maghintay. Sinabi ko sa iyong batiin mo rin ako, pagka't bukás ng gabi ay haharap na ako sa bagong buhay upang limutin at talikuran ang makukulay na sandaling nangaiwan natin kapwa sa ating likuran.**

**Paalam,**

**MARIA CONSUELO**

—xii—

TUMIGIL ang mga yabag sa likuran ni Ruben. Napukaw ang kanyang pagdidili-dili nang may gumuhit na tinig sa katahimikan.

—Propesor, simulan na po natin at malapit nang matapos ang kasal! —at napagulantang si Ruben. Nakalimutan niyang siya'y nasa loob ng simbahan.

Sa katahimikang iyon ng pag-iisa ng dalawang pusong nakaluhod sa harap ng nagniningning na Dambana ay unti-unti namang pumapalaot ang magandang tugtuging "MARIA CONSUELO" na hinihilis sa biyulin ng dakilang manglilikha ng taon sa Musika, si Ruben Fabian, na sinasaliwan sa alpa ng maraming tinig ng mga babae sa koro ng simbahan sa kabayanan.

Sa pagkarinig ni Maria Consuelo sa awiting iyong hindi na bago sa kanyang pandinig ay nagsimula ang hindi maampat na luha sa kanyang mga mata, nguni't mga luha ng kasiyahan pagka't nauunawaan niyang higit na natatalos ni Ruben ang kanyang kaligayahang nadarama sa mga sandaling iyon sa piling ng lalaking sinumpaan niyang mamahalin sa labi ng libingan.

Sabay sa pagkapawi ng tugtugin at awiting iyong unti-unting nilulunod ng katahimikan, at habang lumalayo naman sa paningin ni Ruben Fabian ang mga bagong mapapalad, ay nakadarama siya ng kasiyahan sa kanyang puso pagka't naibigay niya ang karapatan nito sa pinalaya niyang pag-ibig na di makapanindigan sa magkaibang daigdig na kanilang ginagalawan.

—Maria Consuelo...! Iyan ang kaligayahan ko... ang makita kang umaawit ng tagumpay sa sarili mong daigdig na nagbukas ng pinto sa iyong puso: —nagagalak niyang usal sa basag na tinig. (X)

## Ang Sorbetero

(Karugtong ng nasa p. 15)

Mataman namang pinag-aralan ng binata. Pagkatapos mabatid ang buong pangyayari ay waring nakasilip ng matibay na sandigan si Renato sa pagtatanggol, kaya't isang ngiti ng kasiyahan ang pinamilaylay sa labi, at ang wika:

—Akala ko'y kung gaano kabigat na usapin ito! Ipanatag ninyo ang inyong loob, aling Tinding. Pag-aaralan ko mamayang gabi ang asuntong ito at bukas ay tuturuan ko naman kayo ng mga declaraciones. —pagkawika nito ay nakangiting nagpaalam na sa mag-ina at ang biro sa dalaga. —Huwag kang maghihinanakit, Flora

Lalong napamahal si Renato kay Flora. Halos hindi nakatulog sa buong magdamag. Ang kanya palang itinatanging sorbetero ay isang manananggol!

Nang dumating ang araw ng paglilitis ay gayon na lamang ang kagalakan nina Flora nang maluwag na maipagtanggol ni Renato ang kanilang usapin. Noon nakilala at nasaksihan ni Flora ang kahusayang abugado ni Renato Escobar alias Renato Sorbetero.

Ang tatlo'y galak na galak na umuwi kina Flora at doon pa pinapananghali ang binata. Pagkapananghali ay niyaya ni Renato sa sine ang dalaga at maluwag naman sa loob na ipinagkatiwala ni aling Tinding. Siya man ay ibig niyang si Renato na, o ang katulad ni Renato ang kanyang maging manugang.

Pagkagaling sa sine nina Renato at Flora ay nagminindal sila sa isang restauran at pagkatapos ay nagpalamig sa mga kabatuhan sa Luneta.


—Ngayon ay hindi na ako mahihiyang magtapat sa iyo na INIIBIG KITA.

—Hindi kita iniibig! —biro namang tugon ni Flora. —Ikaw'y sinungaling!

—Nagsinungaling man ako sa iyo, Flora, iyo'y isang matamis na kasinungalingan. —At sa mga labi ng dalaga ay iginawad ang unang halik ng pag-ibig. (X)




# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. Ulo ng tubo ng tubig
5. Kinasundo
13. Pangalan ng Artistang naging prinsesa
14. Paghalik sa kamay
15. Anak ni Zeus
16. Anyaya
17. Alejandro
18. Paiwang-sabi
19. Pinipigil para siyasatin
21. Uri ng daong noong mga ika-8-10 siglo
22. Bakas ng apoy
23. Ang sabi
25. Lortsang panlunsad ng kawal (pantitik sa Ingles)
26. Katig
27. Pondo (huling pantig)
29. Suman sa dahon ng niyog
32. Tira ng ibinayad
36. Naging heneral ng hukbo
37. Ukit
38. Dahong panlinis
39. Antala
40. Lupain ng arabya
41. Sakay (huling pantig)
42. Bugbugin (unang pantig)
43. Pangunahing lutuing pilipino
44. Asin
46. Kalat (unang tatlong titik)
48. Magaang kilos (huling tatlong titik)
49. Paputukan (unang pantig)
51. Tahipan
53. Pagdaan sa pagitan (huling pantig)
56. Imasa
58. Kapital ng Yugoslabya
60. Pulutong
61. Simarong baka
62. Likidong magaan pa sa tubig
63. Pastang panlinis sa ngipin
64. Ang Diyos ng pagibig, ayon sa metolohiya ng griyego
65. Nakaraan
66. Tinakdaan
67. Pares na kasuutan

**PABABA**

1. Substansiya ng langis
2. Daang-bakal
3. Ihimig
4. Pangatnig sa magalang na utos
5. Awit
6. Bayan sa Kabite
7. Bahagi ng mukha
8. Matatas magsalita
9. Idabog
10. Makinarya ng komunista
11. Pananong ng bagay
12. Dala sa ulo (huling pantig)
14. Mapansin
20. Iba-iba
24. Kilos
26. Titik ng muhon
28. Tagapangulo ng pamabaláang Koreano
30. Kutkot
31. Supot ng asin
32. Sagpang
33. Dalit
34. Sugo
35. Darang
39. Sasakyang pangmadla
40. Pangalang babae
43. Liglig
45. Landas sa pagitan ng mga tanim
47. Dragong maraming ulo
48. Gasgas
50. Napagdaanan
52. Unang kataga ng isang katutubong kanta
53. Pangalang lalaki
54. Matandang dulaan sa Maynila
55. Makinang pamanday
56. Ligid
57. Panagdag na pantig
59. Palayaw ng babae
61. Pangalang intsik

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan






## Nagsipanalo sa PALAISIPAN noong Enero 14

1. **Emilio Rivera** — 1018 Prudencio, Sampalok, Maynila
2. **Felisa Canizares** — Macalelon, Quezon
3. **Celestino Maulanin** — Carmona, Kabite
4. **Gng. Gloria S. Buenaventura** — Tangos, Navotas, Rizal
5. **Rosa M. Andres** — W. A. Jones, Malabon, Rizal.

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadalá ang lahat ng sagot, sa **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. Ang mga nagsipanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas maghuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi máaaring papanaluning muli.)

## Ngayong Mabatid...

(Karugtong ng nasa p. 9)

ko ang pag-ibig na idinaraing mo pagka't hindi ko na makayang timpiin pa ang lahat.

Mula noon ay nagmahalan tayo. Isinalalay ko sa iyong mga palad ang puso kong labis ding umiibig at nagmamahal sa iyo, at pinag-aralan kong limutin ang mga sagwil na noong una'y naging suliranin ko. Magkayakap nating hinarap ang katotohanan ng buhay.

Sa pagmamahal mo ay nadama ko ang walang hanggang kaligayahan. Ang banal mong pag-ibig ay sinuklian ko naman ng katapatan. Subali't sa tuwina'y nababalisa ako. Sa gitna ng kaligayahang idinudulot mo sa akin ay dinadalaw rin ako ng bagabag. Tumututol ang aking budhi na magpatuloy tayo sa gayong pagmamahalan. Hindi ko maatim na dahil sa akin ay mawasak ang maganda mong kinabukasan.

Subali't pinakaiibig kita, Rolando, at ang malabis mong pagpapahalaga sa akin ay naganyaya upang ipagwalang bahala ko ang lahat at pikit-matang palukob sa matimyas mong pagmamahal. Nguni't sa paglipas ng mga araw ay nadarama kong wala ring pagbabagong nagaganap sa aking pagkatao. Ako pa rin ang dating ako na bulaklak ng bahay-aliwan, at sa mga pagkutya at paglibak ng mga tao ay nakakaramay pati na ng malinis at marangal mong pagkatao.

Ang lahat ay matitiis ko, Rolando, subali't hindi ko mababata na ikaw ay maparamay sa aking kasawian, sa mga pag-aglahing ipinupukol sa akin ng mga malabiga. Kaya't mapait man sa loob ko'y pinag-aralan kong layuan kita. Nilisan kita sa kabila ng malabis na paghihirap ng aking puso.

Lumayo ako sa iyo, hindi upang lumimot, kundi upang dakilain ang matapat mong pag-ibig at ang banal mong pagpupunyagi sa aking kapakanan. Nalalaman kong sa ginawa kong paglayo sa iyo ay namuhi ka at kinasuklaman mo ako, at marahil ay inakala mo ring pinagtaksilan kita sa likod ng kabutihang-loob na ipinamalas mo.

Ang paglayo ko, Rolando, ay hindi pagtataksil ni hindi kawalang utang na loob. Hindi, Rolando. Iniibig at minamahal kita, Rolando, at hanggang sa huling sandali'y naging matapat ako sa pagtatangi sa iyo.

Iyan ang dahilan ng aking paglayo, Rolando!

Nauunawaan mo na kaya ako?

☆ ☆ ☆

At ngayong mabatid mo na ang lahat, Rolando, ay maligaya na ako pagka't inaakala kong ako'y iyo nang mapatatawad. Magiging matiwasay na ako sa kinalalagyan kong ito dito sa kawalang-hanggan. Ngayong maliwanagan mo na ang lahat ay huwag mo na sana akong hahanapin pa pagka't sayang lamang, Rolando. Gayunman, ay huwag mong damdamin ito pagka't sa lahat ng sandali ay susubaybayan ka ng aking pag-ibig at pagmamahal. Sa tuwina'y sasapiling mo ako pagka't ako'y na sa hanging malalanghap mo, sa sinag ng Araw na darampi sa iyong katawan, at sa lahat halos ng bagay na malapit sa iyo.

Matapos mong tiklupin ang kasaysayang ito ay pag-ukulan mo sana kahi't maikling dalangin ang aking kaluluwa, Rolando. At pagtatakip-silim, kung unti-unti nang namamaalam ang araw sa sandaigdigan, ay dalawin mo lamang sana ang aking lumang libingan. Sabugan mo ng bulaklak na tanda ng iyong pagpapatawad yaong isang ulilang puntod na may patpat na kurus, nang sa gayon, ang halimuyak nitong paiilang-lang ay ihatid sa akin ng hangin doon sa likod ng mga ulap na kinalalagyan ko.

Yaon, Rolando, ang aking puntod, ang naging huling hantungan ng isang sawing-palad na umibig at nagmahal sa iyo ng taos hanggang sa wakas. (X)




# Mahalagang Kayamanan ukol sa hinaharap na kasiyahan




Sina Yvonne de Carlo at Philip Friend, mga bituin ng Universal International na gumanap sa pelikulang "Buccaneer's Girl"

# BUCCANEER

## VIRGINIA *Cigarettes*

## SA KASIYA-SIYANG PAGHITIT!

MAKINIG SA "REMOTE CONTROL BROADCAST" NG NOVENA SA ATING "MOTHER OF PERPETUAL HELP". SA KAGANDAHANG-LOOB NG KATUBUSAN CIGAR & CIGARETTE FACTORY, INC., SA HIMPILANG DZPI TUWING MIYERKOLES BUHAT SA IKA-6:00 HANGGANG IKA-6:30 N. G. AT BUHAT SA IKA-7:00 HANGGANG IKA-7:30 N. G. AT "KAPITAN BAGWIS" SA DZFM TUWING MIYERKOLES AT SABADO IKA-8:00 HANGGANG IKA-8:30 N. G.